Ang Lunas para sa Sakit na ito

Kung mayroon mang gumagawa ng masamang gawing ito, nararapat niyang talikuran ang bisyong ito at buhayin sa kanyang puso ang mga ugat ng katapatan, pagkakaisa at pagkakasundo sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

- Magmuni-muni ka ng ilang saglit sa mga epekto ng kasalanang ito dito sa mundo at sa Kabilang-Buhay. Muni-munihin ang katakut-takot at kakila-kilabot na mga pangyayari na iyong mararanasan sa libingan, *Barzakh* (purgatoryo), at sa Araw ng Muling-Pagkabuhay. Unawaing mabuti ang mga kataga ng Banal na Propeta (s) at ng kanyang pamilya (‘a) sa dahilang ang kanilang mga perlas ng dunong hinggil dito ay gagapi sa iyo. Pagkatapos isaalang-alang mo ang isang saglit na kawilian, tsismis at kaluguran ng pagnanasang guniguni laban sa daan-daang taong kahirapan o walang-hangganang kapahamakan sa impiyerno at walang-katapusang mahapding kaparusahan!
- Alalahanin ito: kahit na may hinanakit ka sa taong sinisiraan mo ng puri, ang hinanakit na ito ay hindi nangangailangang ikaw ay manirang-puri. Nakasaad sa mga tradisyon (*hadīth*) na ang mga mababuting gawi ng naninirang-puri ay nailipat sa aklat ng mga gawi ng kanyang sinisiraang-puri, at ang mga kasalanan nito ay mailipat sa talaan ng naninirang-puri.
- Magsisi at humingi ng kapatawaran sa biktima, kung ito ay posibleng hindi magdulot ng mga masamang kahihinatnan; kung hindi ay himingi ka ng habag ng Panginoon para sa biktima.
- Buong-lakas mong linisin ang iyong kaluluwa mula sa kasalanang ito sa pamamagitan ng pagsumpa sa sariling umiwas sa masamang gawing ito sa loob ng takdang panahon. Pigilin mo ang iyong dila at maiging bantayan ang sarili at pangaralan nang mahigpit ito. Harinawa, sana paglipas ng ilang panahon matutuklasan mo ang iyong sariling nagbago at ligtas sa mga masamang bakas nito. Unti-unti maging magaan ang gawing ito, at makakadama ka ng natural na disposisyong ikamumuhi at ikasusuklam ito. Sa puntong ito, makakataglay ka ng kapayapaan at kalugurang espirituwal sa pagkamit ng kalayaan mula sa bisyong ito.
- Ang paninirang-puri ay madalas bunga ng kahinaan sa sariling kaluluwa ng naninirang-puri, tulad ng panganganino. Suriin ng mabuti ang iyong sarili upang matuklasan ang kahinaan na nag-udyok sa iyong manirang-puri sa iyong kapwa; pagkatapos ay pagsikapang malunasan ang kahinaang ito.

Konklusyon:

- Ang Propeta (s) ay nagsabi: “Walang kahoy na mas mabilis tumupok ng apoy kaysa *gheebah* sa pagtupok ng mga birtud ng isang deboto.”
  [Al-Mahajjat al-Bayda’, tomo 5, p. 264]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa totoong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

... At huwag kayong manirang-puri sa kapwa; mayroon bang isa sa inyong ibig kumain ng laman ng kanyang patay na kapatid? Ikasusuklam ninyo ito.
(Qur’an 49:12)

Ang Propeta Muhammad (s) ay minsang nagsabi kay Imam ‘Ali (‘a): “O ‘Ali! Kung may makarinig ng paninirang-puri sa kanyang kapatid na Muslim, ngunit hindi niya ito ipagtatanggol bagama’t abot-kaya niya ito, tiyak na hahamakin siya ng Panginoon dito sa mundo at sa Kabilang-Buhay.”
[Al-Hurr al-`Amili, Wasa’il al-Shi`ah, tomo 8, *hadith* bilang 16336]

Mga Sakit ng Kaluluwa...

Paninirang-Puri
(*gheebah*)

Si Abu Dharr (r) ay minsang nagtanong sa Propeta Muhammad (s): “O Mensahero ng Allah, ano ang *gheebah*?” Sinagot niya: “Ito ay pagbanggit ng anumang bagay tungkol sa iyong kapatid na kanyang kinamumuhian.”
Itinanong ni Abu Dharr (r): “O Mensahero ng Allah, paano kung ang bagay na ito ay talagang nasa kanya?” Sinagot niya (s): “Dapat mong malaman na kung bumanggit ka ng anumang nasa kanya, ito ay *gheebah*, at kung bumanggit ka ng anumang wala sa kanya, ito ay paghahatid-humapit laban sa kanya.”
[Al-Hurr al-`Amili, Wasai'l al-Shi`ah, tomo 8, *hadith* bilang 16312]

Mga bunga ng Paninirang-Puri

Ang Propeta (s) ay minsang nagbigay-payo kay Abu Dharr (r) ng ganito: "O Abu Dharr! Mag-ingat sa paninirang-puri dahilan sa **ang paninirang-puri ay mas malubha pa kaysa pakikiapid (*zinā'*)**." Itinanong ni Abu Dharr (r): "Bakit ganoon, O Mensahero ng Allah?" Kanyang (s) sinagot: "Ito ay dahilan sa kung ang tao ay nakiapid at pagkatapos ay humingi ng kapatawaran sa Panginoon, patatawarin siya ng Panginoon. Subalit ang paninirang-puri ay hindi ipinapatawad hanggang sa hindi ipinapatawad ng kanyang biktima."

- Al-Hurr al-`Amili, Wasa'il al-Shi`ah, tomo 8, *hadith* bilang 18312

Ang Dakilang Mensahero (s) ay nagsabi: "Sinumang naninirang-puri sa isang Muslim ay **sumasayang sa kanyang mga pag-aayuno** at ***wudu'***, at sa Araw ng Muling-Pagkabuhay **ang baho ng kanyang bunganga ay mas matindi kaysa isang bangkay**, at pagdirian ng mga yaong nasa kanyang istasyon (*mawqif*). Kung mamamatay siya bago pa man magsisi, ang kanyang pagkamatay ay katulad ng pagkamatay ng taong namatay habang itinuturing na pinahihintulutan ang anumang ipinagbabawal ng Panginoon, ang Dakila, ang Maluwalhati."

- Al-Hurr al-`Amili, Wasa'il al-Shi`ah, tomo 8, *hadith* bilang 16316

Isinalaysay ng Imam al-Sadiq ('a) mula sa Propetang (s) nagsabi: "O kayong tumalima sa Islam sa pamamagitan ng inyong mga dila subalit ang paniniwala ay hindi pa napapaloob sa inyong mga puso, huwag ninyong hamakin ang mga Muslim at huwag ninyong hanapin ang kanilang mga kamalian. Sa katotohanan, ibubunyag ng Panginoon ang mga kamalian ng sinumang humahanap ng kanilang mga kamalian; **at sinumang may Panginoon pagkatapos ng kanyang mga kamalian ay hahamakin, maging sa kanyang sariling tahanan.**"

- Al-Kulayni, al-Kafi, tomo 2, "*Kitab al-Iman wal-Kufr*," "*Bab man talaba 'atharat al-Mu'minin*," *hadith* bilang 2

Isinalaysay ng Imam al-Sadiq ('a) mula sa Propetang (s) nagsabi: "Ang kapinsalaan sa paniniwala ng isang nananampalataya na dulot ng paninirang-puri ay mas mabilis kaysa kapinsalaang dulot ng *aklah* (isang sakit na bumubulok ng laman) sa kanyang katawan."

- Al-Kulayni, al-Kafi, tomo 2, "*Kitab al-Iman wal-Kufr*," "*Bab al-Gheebah wal-Buht*," *hadith* bilang 1

Kapag ang paninirang-puri ay naging bahagi ng ating asal, ito ay magdudulot ng masamang mga epekto sa ating kaluluwa. Isa dito ay ang paglinang ng poot at pagkamuhi sa biktima na unti-unting tumitindi. Sa oras ng kamatayan, nang ang mga belo ng makaanghel na kaharian (*al-malakut)* ay maiangat, masasaksihan ng naninirang-puri ang kaaya-ayang katayuan ng kanyang mga biktima sa paningin ng Panginoon, at ang karangalan at mga biyayang ipinagkaloob sa kanila ng Poong Maykapal. **Kaya ang poot at pagkamuhi ng naninirang-puri sa kapwa ay maaring humantong sa kanyang pagkamuhi sa Poong Maykapal!** Kaya, lilisanin niya ang mundong ito habang ang kanyang puso ay may poot sa Panginoon, at makakamit niya ang walang-hangganang kapahamakan.

Pagbabawal ng Pakikinig sa Paninirang-Puri

Ang paninirang-puri ay ipinagbabawal; gayundin ang pakikinig nito. Sa katunayan, ayon sa ipinapahiwatig ng ilang mga tradisyon (*hadīth*), ang nakikinig ay katulad ng naninirang-puri sa lahat ng mga masasamang aspeto—sa paraang ang kanyang gawi ay isang mabigat na kasalanan na nangangailan ng paghihingi ng kapatawaran sa biktima.

Ang Propeta (s) ay nagsabi: "**Ang nakikinig ay isa sa dalawang naninirang-puri**."

- Al-Fayd al-Kashani, Al-Mahajjat al-Bayda', tomo 5, p. 260

Isinalaysay ng Imam al-Sadiq ('a) mula sa Dakilang Mensahero (s) na minsang nagbawal sa paninirang-puri at sa pakikinig nito. At kanyang (s) sinabi: "Masdan, sinuman ang makapagbigay-tulong sa kanyang kapatid sa pamamagitan ng pagpapabulaan sa paninirang-puri laban sa kanya sa isang pagtitipon, ililigtas siya ng Panginoon mula sa daan-daang mga kasamahan dito sa mundo at sa Kabilang-Buhay. At kapag hindi niya ito ginawa bagama't kaya niya itong gawain, mapasakanya ang pasan ng siyang naninirang-puri nang pitumpong beses."

- Al-Hurr al-`Amili, Wasa'il al-Shi`ah, tomo 8, *hadith* bilang 16316

Kabilang sa mga tusong paraan ng paninirang-puri ay ang pakikinig nito nang may panggigilalas. Ang naturang tao ay nagpapahayag ng panggigilalas upang maging masigla ang naninirang-puri sa kanyang mga paglalarawan. Ang kanyang panggigilalas ay humihimok sa ikalawa sa kanyang masamang gawi. Halimbawa, sasabihin niya, "**Kataka-taka**" o "***Astaghfirullah***!". O di kaya ay sasabihin niya, "**Hindi ko alam iyan!**" o "**Hindi ko akalaing magagawa niya iyon!**" Ang mga pananalitang ito ay nangangahulugan ng pagpapatibay sa mga isinasaad ng naninirang-puri at ng paghihimok nitong kanyang ipagpatuloy. Sa katunayan ang mga gawing ito ay mga artipisyo ni Satanas. Sa katotohanan, ang pagpapatibay ng paninirang-puri ay paninirang-puri rin; katulad ng pakikinig nito, at maging ang pagkakaroon ng walang-kibo habang naririnig ito.

- Diskurso ni al-Shahid al-Thani ayon sa pagkasipi sa Forty Hadith ni Ayatullah Khumayni.

Ang Paninirang-Puri ay Maaari Bang Pahihintulutan?

Mayroon lang ilang mga sitwasyon kung kailan pinapahintulutang magsalita hinggil sa mga kamalian ng ibang tao. Nararapat na masyadong maingat nang sa gayon ang pagkakaroon ng mga kataliwasang ito ay hindi hahantong sa paggawa ng kasalanan. Ilan sa mga sitwasyong ito ay ang mga sumusunod:

- Pagtatanggol sa mga Muslim mula sa kasamahan ng iba, kabilang ang mga sitwasyon kung saan ang tao ay pinakiusapang managot sa integridad ng isang pakakasalan;
- kung ang pinag-uusapang tao ay hindi naglilihim sa kanyang paglalabag sa mga Banal na kautusan;
- paglalarawan ng anumang kamalian ng pasyente sa isang manggagamot para sa mga layuning panggagamot;
- pamimintas sa isang tagasalaysay ng mga tradisyon (*hadīth*).